English	Filipino (Tagalog)
GUIDELINES FOR YOUR COVID SAFETY PLAN	**MGA PATNUBAY PARA SA IYONG COVID SAFETY PLAN**
Updated 9 October 2020	Isinapanahon noong 9 Oktubre 2020
Thank you for working with us to reduce the impact of COVID-19 in the ACT.	**Salamat sa iyong pakikipagtulungan sa amin upang mabawasan ang epekto ng COVID-19 sa ACT.**
This document provides guidance for the following businesses and undertakings that are required to develop a COVID Safety Plan:	Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng patnubay para sa sumusunod na mga negosyo at mga gawain na inatasang bumuo ng isang COVID Safety Plan:
• Restaurants and cafes offering dine-in services (includes casino and hotel-based restaurants, bars and food courts) • Gyms, health clubs and fitness or wellness centres • Yoga, barre, pilates and spin facilities • Swimming pools • Boot camps and personal trainers • Personal services (e.g. hairdressers, barbers, nail salons, tattoo or body modification studios, day spas, and non-therapeutic massage services) • Steam-based services including saunas, steam rooms, steam cabinets and bathhouses • Organisers of weddings and funerals • Auction houses • Real estate agencies conducting open home inspections or auctions • Libraries	• Mga restoran at kapihan na nagbibigay ng serbisyong kainan sa mismong lugar (kabilang ang mga kasino at mga restoran sa hotel, mga bar at food-court) • Mga gym, health club, fitness o wellness centre • Mga pasilidad ng yoga, barre, pilates, spin • Mga languyan • Mga boot camp at personal trainer • Mga personal na serbisyo (hal. mga pagupitan, barbero, salon ng manikyur/pedikyur, istudyo sa papapatato o modipikasyon sa katawan (body modification), day spa, at serbisyo ng masahe na di-panggamot • mga serbisyong pasingawan katulad ng sauna, silid pasingawan, pasingawan kabinet at mga paliguan (saunas, steam rooms, steam cabinets, bathhouses). • Tagapagsaayos ng mga kasal at libing • Mga bahay-subastahan • Mga ahensya ng real estate na nagsasagawa ng open home na pagsisipat o mga auction • Mga aklatan

• Galleries, museums, national institutions or historic sites. • Clubs and licensed venues • Cinemas, movie theatres and open-air or drive-in cinemas • Choirs, bands and orchestras • Dance classes • Concert venues, theatres, arenas, auditoriums or outdoor venues • Indoor amusement centres, arcades, and outdoor or indoor play centres • Hotels • Organised sport • Betting agencies and gaming venues • Adult venues	• Mga galeriya, museo, pambansang institusyon o makasaysayang lugar • Mga club at lisensiyadong lugar • Mga sinehan, teatro ng pelikula at panlabas o drive-in na sinehan • Mga koro, banda at orkestra • Mga klase sa sayaw • Mga lugar ng konsiyerto, teatro, arena, awditoryum o panlabas na lugar • Panloob na mga amusement centre, arcade at panlabas o panloob na play centre • Mga hotel • Organisadong isport • Mga ahensya ng pagtataya (betting agencies) at mga lugar ng gaming • mga pang-adultong lugar
For places of worship and religious ceremonies, a COVID Safety Plan is required for those who wish to increase gatherings to more than 20 people. Refer to COVID Safety Plan Checklist for religious organisations and institutions providing religious, funeral or wedding services in the ACT.	Para sa mga lugar ng pagsamba at mga seremonyang pang-relihiyon, ang COVID Safety Plan ay ipinag-uutos sa mga taong nais dagdagan ng mahigit sa 20 katao ang bilang sa mga pagtitipon. Sumangguni sa COVID Safety Plan Checklist para sa mga panrelihiyong organisasyon at mga institusyon na nagpapaubaya ng mga serbisyo sa relihiyon, libing o kasal sa ACT.

What is a COVID Safety Plan?	**Ano ang COVID Safety Plan?**
A COVID Safety Plan is a plan that sets out how you will keep your employees and customers safe during the COVID-19 pandemic. It will also help you ensure your business or undertaking is complying with relevant laws and regulations.	Ang COVID Safety Plan ay isang plano na nagtatakda kung paano mo pananatilihing ligtas ang iyong mga empleyado at mga kostumer sa panahon ng pandemyang COVID-19. Makakatulong ito sa iyo na matiyak na ang iyong negosyo o gawain ay tumutupad sa mga kaugnay na batas at mga regulasyon.
Templates	**Mga Template**
The ACT does not require the use of a standard template for ACT businesses when developing their COVID Safety Plan. This is to help maintain a level of flexibility for businesses.	Hindi ipinag-uutos ng ACT ang paggamit ng istandard na template para sa mga negosyo sa ACT kapag binubuo ang kanilang COVID Safety Plan. Makakatulong ito sa mga negosyo na mapanatili ang antas ng kanilang kakayahang umangkop.
Your COVID Safety Plan should consist of a document in a written or electronic form that can be produced during a compliance check. When developing your COVID Safety Plan you should take into consideration the requirements of the Public Health Directions and any other requirements for your sector/industry specific to the ACT, along with the information and advice provided in these guidelines.	Ang iyong COVID Safety Plan ay dapat binubuo ng isang dokumento sa anyong nakasulat o elektroniko na maaaring gawin sa panahon ng pagsunod (compliance check). Kapag binubuo ang iyong COVID Safety Plan dapat mong isaalang-alang ang mga kahingian ng Public Health Directions at anumang iba pang mga kahingian para sa iyong sektor/industriya na partikular para sa ACT, kasama ang impormasyon at payo na ibinigay sa mga patnubay na ito.

It should include your policies in relation to matters outlined in these guidelines, including: • Ensuring physical distancing • Cleaning, sanitising and hygiene activities • Managing staff or customers presenting with illness • Additional requirements for certain businesses and organisations, including those required to request contact information from patrons or visitors and record it if received • Compliance and enforcement	Dapat isama rito ang iyong mga patakaran na may kinalaman sa mga bagay na nakabalangkas sa mga patnubay na ito, kabilang na ang: • Pagtiyak ng pisikal na pagdistansiya • Mga gawaing paglilinis, pagdidisimpekta at kalinisan • Pamamahala ng mga kawani o mga kostumer na nagpapakita ng sakit • Karagdagang mga kahingian para sa ilang mga negosyo at organisasyon, kabilang ang mga kinakailangan upang humiling ng impormasyon ng kontak (contact information) mula sa mga parukyano o mga bisita at itala ito kung matanggap • Pagsunod at pagpapatupad
Some jurisdictions and industry peak bodies have developed templates. For businesses seeking a template the NSW and Commonwealth Governments websites may have some useful information. Alternatively get in touch with your industry peak body.	Ang ilang mga hurisdiksyon at mga kumakatawang lupon sa industriya ay bumuo na ng mga template. Para sa mga negosyo na naghahanap ng template, ang website ng NSW at mga Pamahalaang Commonwealth ay may ilang mga impormasyon na maaaring magamit. O maaari rin namang makipag-ugnay sa mga kumakatawang lupon sa inyong industriya.
Can be found on the NSW Government Safe Business web page	Maaaring matagpuan sa web page ng NSW Government Safe Business
Return to Play in a COVID Safe Environment Plan	Return to Play in a COVID Safe Environment Plan

The ACT Government has developed specific guidelines for sporting clubs and venues to follow. If your sporting organisation or club has a 'Return to Play in a COVID Safe Environment Plan', this will meet the requirements of the COVID Safety Plan. Therefore, there is no requirement to produce an additional COVID Safety Plan.	Ang Pamahalaang ACT ay bumuo ng partikular na mga patnubay para sa mga club at mga lugar (venues) na pang-isport na dapat sundin. Kung ang inyong organisasyon o club na pang-isport ay may 'Return to Play in a COVID Safe Environment Plan, matutugunan nito ang mga kahingian ng COVID Safety Plan. Samakatuwid, walang kahingian na bumuo ng karagdagang COVID Safety Plan.
Visit the Sports ACT website to download the guidelines for developing a Return to Play in a COVID Safe Environment plan.	Bisitahin ang website ng Sports ACT para i-download ang mga patnubay para sa pagbuo ng Return to Play in a COVID Safe Environment plan.
AIS Return to Sport Toolkit	AIS Return to Sport Toolkit
Can be found on the Sports Australia website.	Matatagpuan sa website ng Sports Australia.
COVID Safety Plan for Adult Venues	**COVID Safety Plan para sa mga Pang-adultong Lugar**
The ACT Government has developed a specific plan for strip clubs, brothels and escort agencies to follow that offers specific advice for the industry and employees. For more information about developing a COVID Safety Plan for an adult venue go to the business and work section of the COVID-19 website.	Ang Pamahalaang ACT ay bumuo ng isang natatanging plano para sundin ng mga strip club, mga bahay-aliwan at mga ahensiya ng escort na nag-aalok ng partikular na payo para sa industriya at mga empleyado. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbuo ng COVID Safety Plan para sa pang-adultong lugar, pumunta sa seksiyon ng negosyo at trabaho ng website ng COVID-19.
Your obligations	**Ang iyong mga obligasyon**
The ACT Public Health Directions requires all venues, facilities and businesses that are permitted to open to develop a COVID Safety Plan.	Ipinag-uutos ng ACT Public Health Directions sa lahat ng mga venue, pasilidad at negosyo na pinapayagang magbukas na bumuo ng isang COVID Safety Plan.

Your COVID Safety Plan does not need to be submitted for approval but must be available to be produced on request by compliance and enforcement officers.	Hindi kailangang isumite ang iyong COVID Safety Plan para maaprubahan ngunit kailangang maipakita ito kung hihilingin ng mga opisyal sa pagsunod at pagpapatupad.
The development of a COVID Safety Plan is an important step in ensuring that you keep your staff and the broader community safe. You should consult with your staff as you develop your COVID Safety Plan to ensure they are aware of their responsibilities and are able to carry them out.	Ang pagbuo ng COVID Safety Plan ay isang mahalagang hakbang sa pagtiyak na pinananatili mong ligtas ang iyong mga kawani at ang mas malawak na komunidad. Dapat kang sumangguni sa iyong mga kawani habang ikaw ay bumubuo ng iyong COVID Safety Plan upang matiyak na alam nila ang kanilang mga responsibilidad at maisasagawa nila ang mga ito.
The COVID Safety Plan should identify the risks posed by COVID-19 to your staff (including contractors and volunteers), business and customers, and should be guided by these guidelines.	Dapat matukoy ng COVID Safety Plan ang mga panganib na dulot ng COVID-19 sa iyong mga kawani (kabilang ang mga kontratista at mga boluntaryo), negosyo at mga kostumer, at dapat magabayan ng mga patnubay na ito.
Your COVID Safety Plan should be revisited and updated following further updates to public health advice, and any changes to the Public Health Directions. The most recent Public Health Directions can be found on the COVID-19 website.	Ang iyong COVID Safety Plan ay dapat muling pag-aralan at isapanahon kasunod ng karagdagang mga update sa pampublikong payo sa kalusugan, at anumang mga pagbabago sa Public Health Directions. Ang pinakahuling Public Health Directions ay matatagpuan sa website ng COVID-19.
Not all the points in this checklist will apply to every business, and this checklist is not intended to be exhaustive.	Hindi lahat ng mga punto sa checklist na ito ay magagamit sa bawat negosyo, at ang checklist na ito ay hindi nilayong maging masaklaw at kumpleto.
Completing a COVID Safety Plan does not replace your responsibilities under the *Work Health Safety Act 2011* (ACT).	Ang pagkumpleto ng COVID Safety Plan ay hindi hahalili sa iyong mga responsibilidad sa ilalim ng *Work Health Safety Act 2011 (ACT).*

Physical distancing	**Pisikal na pagdistansiya**
• All businesses and undertakings should implement physical distancing as outlined in the Public Health Directions.	• Lahat ng mga negosyo at gawain ay dapat magpatupad ng pisikal na pagdistansiya gaya ng nakabalangkas sa Public Health Directions.
• All venues can have 25 people (excluding staff) across the entire venue. If venues wish to have more than 25, venues can use the sum of: - One person per four square metres of usable space for each indoor space (up to a max of 200 people); and - One person per two square metres of usable space for each outdoor space (up to a max of 200 people).	• Lahat ng venue ay maaaring magkaroon ng 25 katao (hindi kasama sa bilang ang mga kawani) sa buong lugar. Kung nais ng mga venue na magkaroon ng mahigit sa 25 katao, maaaring gamitin ng mga venue ang kalukulasyon na: - Isang tao sa bawat apat na metro kuwadrado ng magagamit na espasyo para sa bawat panloob na espasyo (na hanggang sa pinakamaraming bilang na 200 katao); at - Isang tao sa bawat dalawang metro kuwadrado ng magagamit na espasyo para sa bawat panlabas na espasyo (na hanggang sa pinakamaraming bilang na 200 katao).
• Hospitality venues may consider using an additional option when determining their venue capacity if this suits them. That is, venues with usable space between 101 and 200 square metres can have 50 people across the whole venue (includes all indoor/outdoor venues). • Ensure appropriate physical distancing measures are in place, including maintaining a distance of 1.5 metres between people, wherever possible.	• Maaaring pag-isipan ng mga lugar-panghospitalidad ang paggamit ng karagdagang opsiyon kapag inaalam ang kapasidad ng venue, kung gusto nila. Ibig sabihin, ang mga lugar na may magagamit na espasyo sa pagitan ng 101 at 200 metro kuwadrado ay maaaring magkaroon ng 50 katao sa buong lugar (kasama ang lahat ng panloob / panlabas na mga lugar). • Siguraduhin na ipinapatupad ang mga hakbang sa angkop na pisikal na pagdistansiya, kabilang ang pagpapanatili ng distansya na 1.5 metro sa pagitan ng mga tao, hangga’t maaari.

• For more information about how to implement physical distancing measures in your premises go to the business and work section of the COVID-19 website.	• Para sa karagdagang impormasyon kung paano ipatutupad ang mga hakbang sa pisikal na pagdistansiya sa inyong lugar, pumunta sa seksiyon ng negosyo at trabaho ng website ng COVID-19.
Cleaning, Sanitising and Hygiene Activities	**Mga Aktibidad ng Paglilinis, Pagdidisimpekta at Gawi sa Kalinisan**
• All businesses and undertakings are required to demonstrate appropriate hand and general hygiene. • Businesses should also ensure they maintain appropriate cleaning and sanitising practices and supplies. • It is strongly recommended that all people working within a business, whether they be owners, employees or contractors, undertake relevant training. • A range of training options are available, some of which are nationally recognised and free to complete. • For more information on COVID-19 infection control training go to Skills ACT website. • Checklists about keeping your workplace COVID safe can be found on the Safework Australia website. • For practical resources go to the signs and factsheets page on the COVID-19 website.	• Lahat ng mga negosyo at proyekto ay kinakailangang magpakita ng angkop na gawi sa kalinisin ng kamay at pangkalahatang kalinisan. • Dapat ding siguruhin ng mga negosyo na pinanatili nila ang angkop na mga gawi at suplay sa paglilinis at pagdidis-impekta. • Mahigpit na inirerekomenda na lahat ng mga taong nagtatrabaho sa loob ng negosyo, may-ari man sila, empleyado o kontratista, ay dapat sumailalim sa mahalagang pagsasanay. • May makukuhang hanay ng mga pagpipilian sa pagsasanay, ang ilan ay kinikilala sa buong bansa at walang bayad ang pagtatapos nito. • Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasanay sa pagpigil ng impeksiyong COVID-19, pumunta sa Skills ACT website. • Ang mga checklist tungkol sa pagpapanatiling COVID safe ng iyong lugar ng trabaho ay matatagpuan sa Safework Australia website. • Para sa praktikal na mga mapagkukunan, pumunta sa pahina ng mga palatandaan at papel-kaalaman sa website ng COVID-19.

Managing staff or patrons/visitors presenting with illness	**Pamamahala ng mga kawani o mga parukyano/bisita na nakikitaan ng karamdaman**
• The Government is urging everyone to stay home if they are unwell. This applies to staff and the broader community. • Businesses and undertakings should be prepared to turn patrons or visitors away if they have clear symptoms of illness.	• Hinihimok ng Pamahalaan ang bawat isa na manatili sa bahay kung sila ay maysakit. Para rin ito sa mga kawani at sa mas malawak na komunidad • Ang mga negosyo at mga gawain ay dapat handang magtaboy ng mga parukyano o mga bisita kung malinaw na mayroon silang mga sintomas ng karamdaman.
• A Hardship Isolation Payment is available for eligible workers who are unable to temporarily work under a COVID-19 direction or health guidance. For more information go to the Families and households page. • Ensure your staff are aware of any workplace policies on paid pandemic leave, if available. • If a direction is issued requiring your workplace to close due to confirmed case of COVID19 contamination, you must notify WorkSafe ACT.	• Ang Hardship Isolation Payment ay makukuha ng mga marapat na manggagawa na pansamantalang hindi makapagtrabaho alinsunod sa kautusan o patnubay sa kalusugan hinggil sa COVID -19. Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa pahina ng mga Pamilya at sambahayan. • Tiyaking nalalaman ng iyong mga kawani ang anumang mga patakaran sa lugar ng trabaho tungkol sa may bayad na bakasyon dahil sa pandemya, kung makukuha. • Kung may ipinalabas na kautusang ipinapasara ang iyong lugar ng trabaho dahil sa kumpirmadong kaso ng kontaminasyon sa COVID19, dapat mong abisuhan ang WorkSafe ACT.
Additional Requirements	**Mga Karagdagang Kahingian**
Some businesses and organisations will be required to provide additional information in their COVID Safety Plans and request contact information from patrons and visitors and record such details if they are provided.	Ang ilang mga negosyo at mga organisasyon ay aatasan na magbigay ng karagdagang impormasyon sa kanilang mga COVID Safety Plan at hilingin ang impormasyon ng kontak (contact information) ng mga parukyano at mga bisita at itala ang mga detalye kung ibinigay ang mga ito.

Collecting contact details	**Pagkolekta ng mga detalye ng kontak**
The following businesses must request all patrons provide their first name and contact details:	**Ang mga sumusunod na negosyo ay dapat humingi sa lahat ng mga parukyano ng kanilang unang pangalan at mga detalye ng kontak:**
• Restaurants and cafes offering dine-in services (includes casino and hotel-based restaurants, bars and food courts) • Gyms, health clubs and fitness or wellness centres • Yoga, barre, pilates and spin facilities • Boot camps and personal trainers • Personal services (includes hairdressers, barbers, nail salons, tattoo or body modification studios, day spas, and non-therapeutic massage services) • Organisers of weddings and funerals • Auction houses • Real estate agencies conducting open home inspections or auctions • Clubs, licensed venues and nightclubs that are operating as bars • Cinemas, movie theatres and open air or drive-in cinemas	• Mga restoran at kapihan na nagbibigay ng serbisyong kainan sa mismong lugar (kabilang ang mga kasino at mga restoran sa hotel, mga bar at food-court) • Mga gym, health club at fitness o wellness centre • Mga pasilidad ng yoga, barre, pilates at spin • Mga boot camp at personal trainer • Mga personal na serbisyo (kabilang ang mga pagupitan, barbero, salon ng manikyur/pedikyur, istudyo sa papapatato o modipikasyon sa katawan (body modification), day spa, at serbisyo ng masahe na di-panggamot) • Mga tagapagsaayos ng mga kasal at libing • Mga bahay-subastahan • Mga ahensya ng real estate na nagsasagawa ng open home na pagsisipat o mga auction • Mga club, lisensiyadong mga lugar at mga nightclub na pinapatakbo bilang mga bar • Mga sinehan o teatro ng pelikula at panlabasan o drive-in na mga sinehan

• Concert venues, theatres, arenas or auditoriums • Conference and convention venues • Indoor amusement centres, arcades and indoor play centres • Hotels • Betting agencies and gaming venues • Strip clubs, brothels and escort agencies • Places of worship where gatherings will exceed 20 people	• mga lugar ng tanghalan, teatro, arena o awditoryum • Mga lugar ng kumperensiya at pagpupulong • Mga panloob na amusement centre, arcade at panloob na mga play centre • Mga hotel • Ahensiya ng pagtataya (betting agency) at mga lugar ng gaming • Mga strip club, bahay-aliwan at mga ahensiya ng escort • Lugar ng pagsamba kung saan ang bilang sa pagtitipon ay lalampas sa 20 katao
Collection methods	**Mga paraan ng koleksyon**
We understand the process of collecting information from every patron is time consuming. Most people would now be aware of the requirements for businesses to request their details for contact tracing, and are happy to oblige, however some may have privacy concerns.	Nauunawaan namin ang proseso ng pagkolekta ng impormasyon mula sa bawat parukyano ay kumukunsumo ng maraming oras. Alam na ngayon ng karamihan na kinakailangang hingin ng mga negosyo ang kanilang mga detalye para sa contact tracing, at masaya naman silang paunlakan ito, gayunman ang ilan ay maaaring nag-aalala sa kanilang pribasya.
For example, an A4 notebook left out the front of a restaurant with all seated guests' details on display for the next person to see, copy/take a photo of, or handing over an electronic device for patrons to enter their own information, is highly discouraged.	Halimbawa, ang isang A4 na kuwaderno na iniwan sa harapan ng restoran kung saan lahat ng mga detalye ng mga nakaupong parukyano ay nakadispley upang makita, kopyahin/kunan ng litrato ng kasunod na tao o ang pag-abot ng isang elektronikong device para i-enter ng mga parukyano ang kanilang sariling impormasyon, ay hindi iminumungkahi.
Physical and electronic security must be considered to help guarantee that your patrons' personal information is secure and the workspace can facilitate good privacy practices.	Ang pisikal at elektronikong seguridad ay dapat isaalang-alang upang magarantiya na ang personal na impormasyon ng iyong mga parukyano ay ligtas at ang pinagtatrabahuhan ay nagbibigay-daan sa mabubuting gawi sa pribasya.

Paper-based collection	**Pagkolekta sa papel**
Consider having a staff member collect patrons' details on arrival (or once they are seated) on a form that is kept private from other patrons. Once filled in, the forms should be kept in a place that is secure and out of sight of other patrons and unauthorised persons.	Pag-isipang magkaroon ng kawani na kukuha ng mga detalye ng mga parukyano sa kanilang pagdating (o kapag nakaupo na sila) sa form na hindi makikita ng ibang mga parukyano. Kapag nasagutan na, ang mga form ay dapat itago sa isang lugar na ligtas at malayo sa paningin ng iba pang mga parukyano at di-awtorisadong mga tao.
Electronic collection	**Elektronikong pagkolekta**
The Check in CBR app is a contactless, secure and convenient way for customers to sign into a Canberra venue. The app enables individuals to check-in to venues and have their data stored securely with ACT Health in the event contact tracking is needed.	Ang Check in CBR app ay isang walang kontak, ligtas at maginhawang paraan para makapag-sign in ang mga kostumer sa isang lugar (venue) sa Canberra. Ang app ay nagbibigay-daan upang makapag-check-in ang mga indibidwal sa mga venue at maimbak ang kanilang mga datos nang ligtas ACT Health sakaling kailanganin ang contact tracing.
When you register your business you will be provided a unique QR code. Customers with the Check In CBR app simply scan the QR code and show your staff that they have successfully checked in.	Kapag nagparehistro ka ng iyong negosyo, bibigyan ka ng natatanging QR code. Ang mga kostumer na may Check In CBR app ay mag-iiscan lamang ng QR code at ipapakita sa iyong kawani na siya ay matagumpay na nag-check in.
To find out more and register your business visit the Check In CBR page on the COVID-19 website.	Para malaman ang higit pa at iparehistro ang iyong negosyo, bisitahin ang pahina ng Check In CBR sa website ng COVID-19.

Businesses collecting personal data via other electronic means (such as an iPad) must ensure systems are privacy compliant. Devices should also not be handed to patrons to enter their personal details as this creates a hygiene risk. Instead, have your staff operate the device. Ensure passwords are regularly changed, and your application protects data against unauthorised access.	Ang mga negosyo na nangongolekta ng personal na datos sa pamamagitan ng iba pang mga elektronikong paraan (tulad ng iPad) ay dapat siguruhin na ang mga sistema ay sumusunod sa patakaran ng pribasya. Ang mga device ay hindi rin dapat iabot sa mga parukyano upang i-enter nila ang kanilang mga personal na detalye dahil lumilikha ito ng panganib sa kalinisan. Sa halip ay hayaan itong gawin ng iyong kawani sa device. Siguraduhin na ang mga password ay regular na binabago, at pinoprotektahan ng iyong aplikasyon ang datos laban sa di-awtorisadong pag-access.
Some businesses are using QR codes to collect customer details. A QR code is just like a barcode, with information that can be read by a smart phone camera. QR codes are convenient for businesses and customers. They also provide a hygienic, contactless way of signing into a venue. Businesses can find QR code guest registration services by searching online or if you have an IT service provider, ask them for advice. Make sure you read the full terms and conditions of the service carefully.	Ang ilang mga negosyo ay gumagamit ng QR code upang mangolekta ng mga detalye ng customer. Ang QR code ay tulad ng isang barcode, na may impormasyon na maaaring basahin ng smart phone camera. Ang mga QR code ay mas madali para sa mga negosyo at mga kostumer. Sila rin ay nagbibigay ng malinis, walang kontak na paraan ng pag-sign in sa isang venue. Mahahanap ng mga negosyo ang QR code na mga serbisyo sa pagrerehistro ng mga bisita sa pamamagitan ng pag-search sa online o kung mayroon kang IT service provider, humingi sa kanila ng payo. Siguraduhing binasa mo nang mabuti ang buong mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo.

Compliance and enforcement	**Pagsunod at pagpapatupad**
Developing and following a COVID Safety Plan is an important step in keeping your staff, customers, and the broader community safe as we continue to manage the impacts of the pandemic. Compliance efforts will be focused on education and support. However, penalties could apply and may be issued for those who put the community at risk through serious or repeated breaches of the legal requirements and obligations.	Ang pagbuo at pagsunod sa COVID Safety Plan ay mahalagang hakbang sa pagpapanatili ng kaligtasan ng iyong mga kawani, kustomer, at ng mas malawak na komunidad habang patuloy nating pinamamahalaan ang mga epekto ng pandemya. Ang mga pagsisikap sa pagsunod ay nakatuon sa edukasyon at suporta. Gayunpaman, ang mga multa ay maaaring ilapat at maaaring iisyu sa mga taong naglalagay sa komunidad sa panganib dahil sa malubha o paulit-ulit na mga paglabag sa mga ligal na kahingian at obligasyon.
Signage	**Mga karatula**
All venues, facilities and businesses must clearly display occupancy allowance at entrance to each venue or space.	Lahat ng venue, pasilidad at negosyo ay kailangang malinaw na nagdidispley ng pinapayagang bilang ng papasok (occupancy allowance) sa pasukan ng bawat lugar o espasyo.
Consider also displaying information to your customers and staff about your COVID Safety Plan.	Isaalang-alang din ang pagpapakita ng impormasyon sa iyong mga customer at mga kawani tungkol sa iyong COVID Safety Plan.
• Templates for posters and signage are available on the signs and factsheets page of the COVID-19 website. • Consider placing your COVID Safety Plan on your website or Facebook page.	• Ang mga template para sa mga poster at signage ay makukuha sa pahina ng mga palatandaan at mga papel-kaalaman ng website ng COVID-19. • Pag-isipang ilagay ang iyong COVID Safety Plan sa iyong website o Facebook page.

Calculating usable space	**Pagkalkula ng magagamit na espasyo**
For businesses operating under the one person per 4 square metre rule, you should refer to the fact sheet that assists you to calculate your business' usable space which can be found on the signs and factsheets section of the COVID-19 website.	Para sa mga negosyo na pinapatakbo ayon sa patakaran na isang tao sa bawat 4 na metro kuwadrado, dapat kang sumangguni sa papel-kaalaman na tutulong sa iyo na kalkulahin ang magagamit na espasyo ng iyong negosyo na matatagpuan sa seksiyon ng mga palatandaan at mga papel-kaalaman ng website ng COVID-19.
You should only factor in usable space when calculating how many people you can have in your premises. Usable space means the space that people can freely move around in, but does not include: • Stages and similar areas, • Restrooms, changerooms and similar areas, • Areas occupied by fixtures, fittings and displays, and • Staff only areas and areas that are closed off or not being used.	Dapat mo lamang isaalang-alang ang magagamit na espasyo kapag kinakalkula kung ilang tao ang maaari mong papasukin sa iyong lugar. Ang ibig sabihin ng magagamit na espasyo ay ang espasyo kung saan maaaring lumibot nang malaya ang mga tao, ngunit hindi kasama ang: • Mga entablado at katulad na mga lugar, • Mga banyo, silid ng pagpapalit ng damit at katulad na mga lugar, • Mga lugar na kinaroroonan ng mga fixture, fittings at displey, at • Mga lugar na para sa mga kawani lamang at mga lugar na sarado o hindi ginagamit.

Review and monitor	**Repasuhin at subaybayan**
• This document provides an overview of the risks that are likely to apply to most or all businesses in this sector. You should consider and address risks that may be specific to your business. • Regularly review your policies and procedures to ensure they are consistent with current directions and advice provided by ACT Health. • Ensure there is an accessible copy of your COVID Safety Plan available on your premises as it must be produced if requested from a relevant compliance and enforcement officer. This may include producing an electronic copy.	• Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng buod ng mga panganib na malamang na mangyari sa karamihan o lahat ng mga negosyo sa sektor na ito. Dapat mong isaalang-alang at tugunan ang mga panganib na maaaring partikular sa iyong negosyo. • Regular na repasuhin ang iyong mga patakaran at pamamaraan upang matiyak na ang mga ito ay naaayon sa kasalukuyang mga ipinag-uutos at payo na ibinigay ng ACT Health. • Siguraduhin na mayroong isang madaling makuhang kopya ng iyong COVID Safety Plan sa iyong lugar dahil ito ay dapat ipakita kung hiniling ng may-kinalamang opisyal sa pagsunod at pagpapatupad. Maaaring kabilang dito ang pagpapakita ng elektronikong kopya.
Failure to comply with directions may result in significant penalties. Have a question? Looking for advice about operating in a COVID safe environment? Call the Access Canberra Business Liaison Line on **(02) 6205 0900.**	Ang kabiguang sumunod sa mga ipinag-uutos ay maaaring magresulta sa mabigat na mga multa. May tanong ka ba? Naghahanap ka ba ng payo tungkol sa pagpapatakbo ng negosyo sa isang kapaligirang ligtas sa COVID? Tawagan ang Access Canberra Business Liaison Line sa **(02) 6205 0900.**
Current as at 9 October 2020	Umiiral mula 9 Oktubre 2020

Deliveries, contractors and visitors attending the premises	**Mga pagdeliber, mga kontratista at mga bisita na pumapasok sa lugar**
• Where practical, direct delivery drivers or other contractors visiting the premises to minimise physical interaction with workers. • Use electronic paperwork where practical. If a signature is required, discuss providing a confirmation email instead, or take a photo of the goods onsite as proof of delivery. • Ensure a number of suppliers so that you can maintain adequate stocks of hand soap, paper towel, sanitisers.	• kung praktikal, atasan ang mga nagdedeliber na drayber at iba pang mga kontratista na bumibisita sa lugar na bawasan ang pisikal na pakikihalibulo sa mga manggagawa. • Gumamit ng elektronikong papeles kung praktikal. Kung kailangan ang lagda, pag-usapan sa halip ang pagbibigay ng kumpirmasyon sa email, o kumuha ng larawan ng mga kalakal sa lugar mismo bilang katibayan ng pagdeliber. • Siguruhin na marami kang mga suplayer upang lagi kang mayroong sapat na mga suplay ng sabon sa kamay, mga tuwalyang papel at mga sanitiser.
Additional Requirements – Galleries, Museums, National Institutions, and Historic Sites	**Karagdagang mga Kahingian – mga Galeriya, Museo, Pambansang Institusyon, at Makasaysayang Lugar**
In addition to the general requirements of the COVID Safety Plan, galleries, museums, National Institutions and historic sites are required to:	Bilang karagdagan sa mga pangkalahatang kahingian ng COVID Safety Plan, ang mga galeriya, museo, pambansang institusyon at makasaysayang lugar ay inaatasan na:

• Galleries, museums, national institutions and historic sites can open provided there is no more than one person per 4 square metres throughout the venue, and can commence guided tours for groups of up to 20 people (excluding the tour guide). • Manage ingress and egress (with separate points). • Entry of groups are to be separated by time. • Increased frequency of cleaning for high touch areas or items, and rest room facilities.	• Ang mga galeriya, museo, pambansang institusyon at makasaysayang lugar ay maaaring magbukas basta't hindi hihigit sa isang tao sa bawat 4 na metro kuwadrado sa buong lugar, at maaaring simulan ang mga ginabayang paglilibot (guided tours) para sa mga grupo na hanggang sa 20 katao (hindi kasama sa bilang ang tour guide). • Pamahalaan ang pasukan at labasan (na magkahiwalay ang daanan). • Ang pagpasok ng mga grupo ay dapat hiwa-hiwalay ng oras. • Dalasan ang paglilinis sa madalas mahawakang mga lugar o mga bagay at mga pasilidad ng kubeta.
Additional Requirements – Outdoor attractions and amusements	**Mga Karagdagang Kahingian – Mga panlabas na atraksyon at libangan**
• Careful management of flow of groups throughout venue or site. Groups are to be of up to 20, complying with complying with social distancing rules including 1.5m between people and one person per four square metres for the space they are in. • All groups must have supervisory oversight to ensure social distancing is enforced and that groups of greater than 20 people do not form.	• Maingat na pamamahala sa daloy ng mga grupo sa buong lugar o sityo. Ang mga grupo ay dapat na hanggang 20 katao ang bilang, na sumusunod sa mga patakaran ng social distancing kasama dito ang 1.5m na pagitan ng mga tao at isang tao sa bawat apat na metro kuwadrado para sa espasyo na kinapapalooban nila. • Lahat ng grupo ay kailangang may tagapangasiwang tumitingin upang matiyak na ang social distancing ay ipinatutupad at ang mga grupong mahigit sa 20 katao ay hindi nagtitipon.

Keep up to date on restrictions through the ACT COVID19 website: *www.covid19.act.gov.au*	**Manatiling nakaagapay (up to date) sa mga paghihigpit sa pamamagitan ng website ng ACT COVID19:** *www.covid19.act.gov.au*
The Safe Work Australia website: *www.safeworkaustralia.gov.au/*	**Website ng Safe Work Australia:** *www.safeworkaustralia.gov.au/*